Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

APR 04 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 167 s. 2008

## PAMBANSANG SEMINAR NG SANGGUNIAN NG FILIPINO

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Pampublikong Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) na binubuo ng mga Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Hulyo 17-18, 2008 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

2. Ang **"Pambansang Seminar sa Pagsasaling Teknikal"** ang tema ng seminar. Layunin ng seminar ang mga sumusunod:

   a. Matalakay ang kaugnayan ng pagsasaling teknikal sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng wikang Filipino;
   b. Mailahad ang karanasan ng ilang indibidwal, samahan, o institusyon na sangkot sa pagsasaling teknikal;
   c. Makapagbahagi ng ilang estratehiya sa pagsasaling teknikal at sa pagtuturo nito;
   d. Maisa-isa ang state-of-the-art ng mga kagamitan sa pagsasaling teknikal; at
   e. Maieksibit sa pamamagitan ng book sale ang mga halimbawang pagsasaling teknikal na mga aklat, manwal, monograph, at iba pa.

3. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan sa Departamento ng Filipino ng bawat institusyon ang dapat dumalo sa seminar na ito. Maaari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina.

4. Magbabayad ng Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) ang bawat delegado para sa pagkain sa 2 araw, sertipiko, hand-outs, at conference kit.

5. Ipadala ang inyong reserbasyon bago dumating ang Hulyo 4, 2008 kay:

Dr. Galileo S. Zafra
Direktor ng Pambansang Seminar
c/o Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
IMC Compound, A. Ma. Regidor Street
Area XI, UP Campus, Diliman, Lungsod Quezon

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**RAMON C. BACANI**
Undersecretary

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 92, s. 2007
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CONVENTIONS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS
WORKSHOPS

Sally: SANGFIL
March 27, 2008